Ang Disaster Recovery Center (sentro sa pagbangon mula sa sakuna) sa Gulf County ay lilipat ng lokasyon

Release Date: January 29, 2019

TALLAHASSEE, Fla – Ang estado/FEMA Disaster Recovery Center (sentro sa pagbangon mula sa sakuna) sa Gulf County ay ililipat galing sa Wewahitchka papuntang Port St. Joe sa Huebes, Enero 31.

Ang Wewahitchka Center ay binuksan nuong Oktubre 30 sa Wewahitchka Branch Library, 314 N. 2nd St, Wewahitchka, FL 32465. Ito ay isasara ng 6 p.m. Miyerkules ng Enero 30. Simula nuong Enero 26, ang sentro ay nakapagbigay na ng impormasyon sa 2,220 bisita tungkol sa tulong kapag may sakuna at sumagot sa mga tanong ng mga nakaligtas.

Ang bagong sentro ay magiging sa Port St. Joe Fire Department, 404 Williams Ave., Port St. Joe, FL 32456. Ang mga oras ay 9 a.m.-6 p.m. Lunes-Biyernes at 9 a.m.-1 p.m. Sabado

Ang mga kinatawan galing sa estado ng Florida, FEMA, and U.S. Small Business Administration at iba pang mga organisasyon ay nasa sentro para ipaliwanag ang mga pwedeng magamit na programa para makatulong sa pagbigay ng pangangailangan ng mga nakaligtas

Ang lahat ng recovery center ay may mapupuntahang parking, rampa at restroom. Sila ay naghahandog ng pantulong na teknolohiya, gaya ng mga amplified phone (telepono para sa mga mahina ang pandinig) at mga aparato sa pakikinig para sa mga nawawalan ng pandinig, mga magnifier para sa mga hindi gaanong nakakakita, at pagsasalin ng wika sa video. Ang tagasalin sa American Sign Language ay maaaring naririyan nang personal sa pamamagitan ng pag-iskedyul isang araw bago ang pagpunta.

Upang maghanap ng isang disaster recovery center (sentro sa pagbangon mula sa sakuna), pumunta sa: fema.gov/DRC.

Ang mga residente ng mga county ng Bay, Calhoun, Franklin, Gadsden, Gulf, Holmes, Jackson, Leon, Liberty, Taylor, Wakulla, at Washington ay maaaring magparehistro para sa tulong sa sakuna upang matugunan ang mga napinsala na direktang resulta ng Bagyong Michael.

Upang magparehistro:

Pumunta online sa DisasterAssistance.gov

Tumawag sa 800-621-3362 (voice/711/VRS) o 800-462-7585 (TTY) sa anumang oras mula 7 a.m. hanggang 11 p.m. lokal na oras, pitong araw sa isang linggo. Mayroong mga operator para sa iba't ibang wika.

###

Misyon ng FEMA: Tulungan ang mga mamamayan bago, habang, at pagkatapos ng mga sakuna.

Para sa listahan ng mga abeylabol na mapagkukunan ng tulong para sa mga indibidwal at negosyong apektado ng Bagyong Michael, bumisita sa visit www.floridadisaster.org/info.

Para sa impormasyon tungkol sa pagbangon mula sa Bagyong Michael, bumisita sa www.fema.gov/tl/disaster/4399.

Sundin ang FEMA at ang Dibisyon ng Florida para sa Pamamahala ng Kagipitan sa Twitter sa @FEMARegion4 and @FLSERT. Maaari din bisitahin ang FEMA at ang mga Facebook peyg ng Dibisyon sa Facebook.com/FEMA and Facebook.com/FloridaSERT.